ESCONDIDO
City of Choice

MEMORANDUM

**PAUNAWA NG ELEKSYON**

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na ang isang Pangkalahatang Eleksyong Munisipal ay gaganapin sa Lungsod ng Escondido sa Martes, Nobyembre 5, 2024, para sa mga sumusunod na Opisyal:

- Para sa Isang (1) Miyembro ng Konseho ng Lungsod – Ikalawang Distrito (Buong terminong apat na taon)

- Para sa Isang (1) Miyembro ng Konseho ng Lungsod – Ikaapat na Distrito (Buong terminong apat na taon)

- Para sa Isang (1) Treasurer (Buong terminong apat na taon)

Ang panahon ng nominasyon para sa mga katungkulang ito ay magsisimula sa Hulyo 15, 2024 at magsasara sa Agosto 9, 2024 sa ika-5 ng hapon.

Kung ang mga papeles ng nominasyon para sa nanunungkulan na opisyal ng lungsod ay hindi nai-file bago ang Agosto 9, 2024 (ang ika-88 araw bago ang eleksyon), ang mga botante ay magkakaroon ng hanggang sa ika-83 araw bago ang eleksyon, Agosto 14, 2024, upang mag-nominate ng mga kandidato maliban sa (mga) tao na nanunungkulan sa ika-88 araw bago ang eleksyon, para sa pinagbobotohang katungkulan ng nanunungkulan na iyon. Hindi naaangkop ang pagpapalawig na ito kung saan walang nanunungkulan ang karapat-dapat na maihalal.

Kung wala o iisang tao lamang ang nominado para sa pinagbobotohang katungkulan, maaaring gawin ang paghirang sa pinagbobotohang katungkulan gaya ng iniaatas ng § 10229, Elections Code ng Estado ng California.

Zack Beck, CMC, CPMC
Klerk ng Lungsod